Nagtagumpay nga ang sinumang umanib sa Islām at tinustusan ng kasapatan. Nagbigay-kasiyahan sa kanya si Allāh sa pamamagitan ng ibinigay sa kanya."}

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr Al-`Àṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Nagtagumpay nga ang sinumang umanib sa Islām at tinustusan ng kasapatan. Nagbigay-kasiyahan sa kanya si Allāh sa pamamagitan ng ibinigay sa kanya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nanalo nga at nagtamo nga ang sinumang nagpaakay tungo sa Panginoon niya saka pinatnubayan siya, itinuon siya sa Islām, tinustusan siya ng pinahihintulutan sa abot ng pangangailangan niya nang walang dagdag ni kulang, at gumawa sa kanya si Allāh bilang nasisiyahan at bilang nalulugod sa ibinigay sa kanya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5814